JANUARY 2022

# TULAY

**OPEN HIGH SCHOOL PROGRAM- MARCELO H. DEL PILAR NATIONAL HIGH SCHOOL**



## ALTERNATIVE DELIVERY MODE

Mga bagay na dapat malaman.

## ANO ANG OPEN HIGH SCHOOL PROGRAM?

# NILALAMAN




3
**Alternative Delivery Mode: Mga Bagay na Dapat Malaman.**

4
**Open High School Program**

5
**OHSP sa Marcelo H. Del Pilar National High School**

7
**Likhang Open High:**

**Spoken Poetry**
**Kent Adrian Marimat**

**Paintings**
**Roxan Musni**

8
**Kwentong Open High**
**ni Christine Salonga**
**Sa panulat ni Bb. Paulo Jane Caparas**

"Reaching the unschooled, whenever, wherever..."

# ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ni Edwin C. Santos



"Kahit yung mga di-kasiglahang binhi kapag binigyan ng tamang alaga at pagkakataong masikatan ng araw ay tiyak na yayabong"

~ECSantos

Ang Alternative Delivery Mode o ADM ay isang menu ng mga alternatibong paraan upang ang mga mag-aaral na nahihirapang ipagpatuloy ang pag-aaral dahil sa iba't ibang kadahilanan ay makatapos ng kanilang edukasyon sa paraang angkop sa kanilang kakayahan at kalagayan kahit wala sa loob ng classroom.

**Ito ay para sa mag-aaral na:**

- malayo ang bahay sa paaralan
- laging palipat-lipat ng tirahan dahil sa trabaho ng magulang
- may sakit o kinakailangan ang ibayong pang-iingat dahil sa kondisyong medikal
- biktima ng sakuna/digmaan
- may banta sa seguridad o kalusugan
- nagtatrabaho sa araw
- tinutulungan ang magulang sa gawain sa bukid o sa bahay
- may emergency sa bahay (may namatay o nagkasakit sa pamilya)
- may natatanging sitwasyon
- nahuli ng pag-eenrol
- kasali sa curricular at co-curricular na mga gawain sa paaralan
- suspension ng klase dahil sa local at national na pagdiriwang

Source: Deped.gov.ph

Ito ay isang ADM para sa mag-aaral sa Junior at Senior High School. Ang mga task sa ibinigay na modules na manggagaling sa guro o nadownlaod mula sa portal ay kokompletuhin sa bahay. . Kung kinakailangan, ang mag-aaral ay maaaring makipag-ugnayan sa kaniyang guro kung may suliranin o may kalituhan sa tinatapos na modules. Babalik ang mag-aaral sa paaralan sa araw at oras na napagkasunduan. Kung hindi naman makatutupad sa napag-usapan, maaaring muling makipagugnayan sa guro upang mapag-usapan ang panibagong kasunduan.

Source: Deped.gov.ph

# OHSP SA MARCELO

Edwin C. Santos/ Paulo Jane L. Caparas

9




Ang Open High School Program sa Marcelo H. Del Pilar National High School ay nagsimula noong 2011. Alinsunod ito sa layunin ng Deped na maghatid ng Edukasyon Para sa Lahat na batay naman sa Education Act of 1982. Ito ay pinamunuan ng mga sumusunod na guro:

1. Gng. Ma. Victoria Vivo
2. Gng. Arnelia Trajano
3. G.. Allan Alba
4. Gng. Corazon Ajero
5. Gng. Madonna Estacio
6. G. Roberto Abanag Jr. (kasalukuyang OHSP Coordinator)

Sa pag-usad ng mga taon ay nanatiling matatag at aktibo ang nasabing programa. Patunay dito ang unti-unting pagdami ng bilang ng mga mag-aaral at maging ng mga guro ng OHSP. Kada taon ay nagsagawa ng mga samot saring mga programa at aktibidades upang lubos na mahubog at mapanday ang husay ng mga mag-aaral ng OHSP.

Mga programang isinakatuparan ng mga guro ng OHSP sa nakararaang mga taon:

- Paglinang ng talino at talento – Technolympics, Skills Festival, Mural Painting Contest
- Programang Pampalakasan – Laro ng Lahi (OHSP Sports Fest)
- Pangangalaga sa Kalikasan at Pagtatanim- Zero Waste Management, OHSP Community Garden, Clean and Green Project, Tree Planting Project
- Programang Ispiritwal – OHSP Recollection
- Pagpapainam sa Sarili – Oh My Bae, OHSP Promenade/Acquaintance Party
- Pagtulong sa Kapwa - Outreach Program
- Programa sa Pamununo – OHSP Student Organization Council, Rover Scout














OHSP Community Garden


# Likhang Open High

## Payapa

Ni: Kent Adrian Luce Marimat

Naghahanap ng kapayapaan ang mga
nilalang sa mundo.
Minsan pinapangarap nalang nila maging
isang ulap.
O di kaya maging isang puno, halaman, mga
bagay sa kapaligiran.
Tila puro sila ganyan, ganito, nakakalito kung
nasan ang kanilang kasiyahan.
Minsan inilalaan ng mga malulungkot na tao
sa kanilang talento ang kasiyahan.
At kadalasan nilulugmok nalang nila ang
kanilang sarili sa kapaitan.
Gumugulong ang gulong umiikot sa dinadaan.
Kagaya ng buhay ng tao, Hangga't buhay
walang kapanatagan.
Ang ulap kapag nabibigatan iniluluha ang
kanilang masakit na kalooban.
At may lilitaw na bahaghari, Kasunod nito ay
ang liwanag ng muling matatanglaw. Ang
puno kapag di na kaya pang hawakan
bumibitaw, bumubuwal.
Ngunit kahit na ito ay bumuwal may
panibagong sanga na tatayo at
maguusbungan mga dahon.
Ang ibig sabihin lamang ng tula ko.
Sa bawat iyong pagtumba, pagbuwal,
at pag iyak.
May panibagong ngiti ng liwanag
na sa iyo'y masusulyapan.
Hindi palaging payapa ang buhay
Minsan ibinibigay sa atin ang mga butas ng
buhay para pagpakuan ng ating mga kulang
sa pundasyon sa pag harap sa tunay na
buhay.

### Artist Profile



**Kent Adrian L Marimat**
OHSP Student
2013-2015



Oil in Canvas
by Roxan Musni



Oil in Canvas
by Roxan Musni



### Artist Profile

**Roxan Musni**
Painter / Tattoo Artist
OHSP Student
2014-2015

# Kwentong Open High

Sa panulat ni Bb. Paulo Jane Caparas

**Hindi lahat ng mag-aaral ay pare-pareho, bawat isa ay may kani kaniyang natatanging kwento, may ilan sa kanila na sa murang gulang ay hinamon na ng buhay; natumba at tila nawalan na ng pag-asa. Halina't tunghayan natin ang ibat ibang salaysaying ito dito sa KWENTONG OPEN HIGH, mga Kwento ng Pag-asa.**

Isa sa unang kwentong aming ibabahagi, ay ang Kwentong Open High ni **Christine P. Salonga**. Mag-aaral ng Open High School Program ng Mataas na Paaralan ng Marcelo H. del Pilar mula taong 2012 hanggang 2016.

Isa si Christine sa mga mag-aaral na masasabi mong *role model*; masipag, matalino, mabait at maasahan sa paaralan. Sa isang tingin, hindi mo siya makikitaan na may mga pinagdadaanang pagsubok sa buhay. Palagiang nangunguna sa klase mula elementarya hanggang magtapos ng sekondarya. Masiyahin, aktibo sa klase at palaging nakangiti. Ngunit sa likod ng masiyahing personalidad na ito ay ang mga pagsubok na humubog at nagpatatag sa kanyang pagkatao.

Itinuring nya na ang high school ang pinakamahirap na parte ng kanyang buhay. Ipinanganak si Christine na may *Congenital Limb Defficiency* o *Congenital Amputation*. Para makapasok sa paaralan, sya ay nagsusuot ng prosthetic leg. Naranasan nyang ma*bully* sa unang pagpasok nya sa high school dahil sa kanyang kalagayang pisikal.



Christine - Isang taong gulang taong 2000

**"Hindi kayang sumabay ng may kapansanang kagaya ko sa ibang mag-aaral"**

**- Chrisitne**

"Naranasan kong mapahiya noong *PE time* namin, at pagkatapos ng unang markahan ay nakakuha ako ng mga markang nasa linya ng 7. Hindi ko alam bakit pero noong panahong iyon isa lang ang alam ko. "Hindi para sa akin ang pagaaral" "Hindi kayang sumabay ng may kapansanang kagaya ko sa ibang mag-aaral.

"Pagkatapos ng unang markahan sa *Grade* 7 sandamakmak na palusot ang sinasabi ko sa nanay ko at kapatid ko makaiwas lang sa pagpasok. Sinasadya kong malate ng bangon o di kayay sasabhin kong "May sakit ako" "Masakit ulo" at kung anu ano pa. May pagkakataong pang umiiyak ako dahil ayoko na tlaga magaral." - Christine

Tuluyan na ngang sinukuan ni Christine ang pag-aaral dahil sa hindi magandang karanasan na kanyang napagdaanan kahit batid niyang nag-aalala ang kanyang mga magulang. Ngunit nagbago ang lahat ng may kumausap sa kanyang kapatid na subukan siyang ienrol sa Open High School Program upang makapagtapos ng pagaaral. Ang OHSP ay isang alternatibong programa ng kagawaran ng edukasyon na naglalayong matulungang makapagtapos ng sekondarya ang mga magaaral na kapansanan, nagttrabaho, may pinansyal na problema, malayo ang tahanan sa paaralan at iba pa.

**“Bigla akong nakaramdam ng pagiging kampante, kampante sa mga guro na nakakaunawa ng kalagayan at nakakaintindi ng mga kakulangan ng mag-aaral."**

Sa unang araw ng pagpasok nya sa OHSP, nakaramdam na sya ng mainit na pagtanggap hindi lamang mula sa mga kaklase maging sa mga guro ng programa.

“Bigla ako nakaramdam ng pagiging kampante, kampante sa mga guro na nakakaunawa ng kalagayan at nakakaintindi ng mga kakulangan ng magaaral. Bukod sa mga guro. nakita ko rin na hindi totoo ang sabi sabi ng iba na "tapunan ng drop out/ mga pasaway ang nasa OHSP" Ito ay dahil nakita ko at naramdaman ko mismo sa kapwa ko mag-aaral na OHSP yung kabutihan nila, sanay makisama at alam ang salitang respeto.” - Christine

Ang araw na iyon ang naging hudyat para kay Christine upang muling pagsikapan at ipagpatuloy ang kanyang pagaaral. Tuluyan na nyang iwinaksi sa kanyang isipan ang hindi naging magandang karanasan. Siya ay laging isa sa nangungunana sa klase mula baitang 7 hanggang baitang 10 sa OHSP. Sa loob ng apat na taon ni Christine sa OHSP, nakita at napatunayan niya na ang edukasyon ay para sa lahat.

Ipinagpatuloy niya ang Senior High School sa Malolos Marine Fishery School and Laboratory kung saan ay nagkamit din siya ng ibat ibang karangalan.

Sa kasalukuyan, siya ay nag-aaral sa Bulacan State University – *main campus* at kumukuha ng kursong *Bachelor of Elementary Education (3rd year*) at isang *Dean’s Lister*.




Ang kwentong Open High ni Christine ay isang pagpapatunay na kahit kailan ay hindi hadlang ang kapansanan sa taong may pangarap at pagsisikap upang maabot ang kanyang mga mithiin sa buhay. Hindi niya inalintana ang mapanghusgang mundo, bagkus, nagpatuloy, lumaban at nagsumikap. Nanatili sa kanya ang mga katangiang ito na nagbunsod sa kanyang mga tagumpay, pagkamit ng mga karangalan at patuloy na pagpupunyagi upang makapagtapos ng pag-aaral.

# TULAY E-MAGAZINE

S.Y. 2021-2022

**Edwin C. Santos**
Project Manager

**Paulo Jane L. Caparas**
Assistant Project Manager

**Ma. Eliza B. Dela Cruz**
Editor in Chief

**Wendy B. De Guzman**
**Rocielle S. Lanuza**
**Charmaine L. Labarete**
**Glaiza T. De Castro**
Researcher/Writer

**Roberto C. Abanag Jr.**
Consultant

Marcelo H. Del Pilar National High School
Open High School Program
Project BUKAS
**Buhay at Edukasyon**